UMALPAS KA-Bikol
Ugnayan ng Mamamayan Laban sa Pagmimina at Kumbersyong Agraryo
790-A, Alcala Street, Kimantong Daraga, Albay

SAGIP ISLA, SAGIP KAPWA Inc.
Sta. Florentina, Parish Poblacion, Rapu-Rapu Albay

Pahayag sa Midya:
Nobyembre 6, 2007

Kampong Bayan sa Isla Rapu-Rapu itinirik

Agarang Ipasara ang Lafayette!

Itinirik ng mahigit sanlibong (1,000) galit na mamamayan ng Rapu-Rapu ang Kampong Bayan sa harap ng Munisipyo ng Rapu-Rapu nang hindi itinuloy ang special session ng Sanggunian Bayan kahapon upang imbistigahan ang nangyaring fishkill noong Oktubre 26-28, 2007 sa karagatan ng isla.

Pinangunahan ng Sagip Isla at ng UMALPAS KA-Bikol ang nasabing pagkilos upang agarang ipasara, palayasin at pagbayarin ng pinsala ang dayuhang kumpanyang Lafayette.

Malinaw ang manaiobra ng Lafayette sa mga halal na opisyal upang talikuran nito ang kanilang obligasyon na ipagtanggol ang kapakanan ng mamamayan at pangalagaan ang kalikasan.

Matatandaang makailang beses nang naulit ang trahedya ng fishkill, noong 2005 at mas malala ngayong taon. Naging malawakan at maramihan ang namatay na isda at lamang dagat sa karagatan ng Rapu-Rapu. Limang barangay ang apektado, Pagcolbon, Malobago, Sta Barbara, Carogcog at matinding tinamaan ang Brgy. Poblacion dahil sa lason mula sa Lafayette.

Kagutuman ang hatid ng fishkill sa mga residente ng Rapu-Rapu lalo na sa mga mangingisda dahil tinamaan ng husto ang pangunahing pinagkukunan ng kanilang kabuhayan. Mula ng mangyari ang fish kill, hindi na nagpalaot ang mga mangingisda dahil sa takot na ang kanilang mahuhuli ay kontaminado pa ng lason na lalo pang naglugmok sa dati na nilang hirap na kalagayan.

Isinugod sa ospital noong Oktubre 31 ang tatlong bata na sina Sarah dela Cruz, 14, Lorilyn dela Cruz, 11 at Saint Jane Balbino, 2 taong gulang dahil sa walang tigil na pagsusuka at pagtatae dulot ng kinaing tagunhason (sea shell).

”Hindi kami aalis sa harap ng munisipyo hangga’t walang ginagawang aksyon ang pamahalaang bayan ng Rapu-Rapu at hangga’t di napapalayas ang Lafayette”. Ito ang matigas na paninindigan ni Antonio Casitas, head servant ng Sagip Isla.

Ayon kay Arieto Radores, Tagapagsalita ng UMALPAS KA- Bikol, ”higit naming papalawakin at walang pagod na ipagpapatuloy ang laban mula lokal, probinsya, pambansa hanggang makarating sa internasyunal ang ating kampanya upang mapasara ang operasyon ng Lafayette. Dagdag pa nya, ”nararapat lamang na pagbayarin ng pinsala ang Lafayette sa naging epekto nito sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Albayano at Sorsoganon”.

”Nananawagan ako sa lahat na may puso at may simpatiya sa aming laban na magbigay ng pagkain (bigas, de lata, tuyo at iba pa) upang makatawid gutom sa mga apektadong residente dulot ng lason sa bayan ng Rapu-Rapu. Mangyaring ipadala ang mga relief goods sa mga address na nasa itaas”, panawagan ni Casitas.

”Basura, lason, kahirapan, at kamatayan lamang ang tunay na hatid ng mapaminsala, malawakan at dayuhang pagmimina ng Lafayette,” pagtatapos ni Radores. ###

Sanggunian:
Arieto Radores – *Tagapagsalita - UMALPAS KA-Bikol*
Kontak Number: +63910.814.5040
Antonio Casitas – *Head Servant - Sagip Isla, Sagip Kapwa Inc.*
Kontak Number: +63910.274.8844